

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

KONDISYON NG MGA TOILET MATAPOS SUMALANTA ANG LINDOL

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～震災後のトイレ事情～

Matapos sumalanta ang lindol ay hindi maaaring magamit ang mga toilet. Sa naganap na Kobe Earthquake, sa dami ng mga nag-evacuate ay lubhang kulang ang mga toilet. Kaya't di maiiwasan ang haba ng pila at pagmamadali sa mga gagamit ng toilet. Ang mga waste material ay di rin mai-flush dahil walang tubig bunga ng pagkasira ng mga water pipe.

Dito sa Japan, sa isang tao ay 60 litro sa isang araw ang ginagamit para sa toilet. Subalit sa oras ng kalamidad, ang laang tubig para inumin ay malamang na kulang pa kaya't mahirap sabihing na makakapag-apon pa ng tubig para gamit sa pang-toilet. Sa ngayon, nasanay tayo sa maginhawa at malinis na toilet kaya't mahihirapan tayo kung hindi maayos ang toilet na gagamitin natin. Sa nakaraang Kobe Earthquake, dahil sa di malilinis na toilet at kakulangan din ng tubig na kailangan ng katawan ay marami ang mga nanghina at nagkaroon ng economy class syndrome.

Makalipas ang ilang araw ay mayroon ding mga temporary toilet ang itinatayo sa mga evacuation center. Sa Kobe Earthquake na naganap, bago dumating ang mga itinayong temporary toilet ay ginamit muna ang mga drainage manhole bilang mga pansamantalang toilet. Naghukay rin ng mga butas sa ground ng paaralan at nilagyan ito ng mga timba. Dagdag dito, maging ang mga tahanan na di gaanong nasalanta ng lindol ay wala rin tubig na magamit para mai-flush ang kanilang mga toilet.

Kaya bilang paghahanda sa ano mang kalamidad na darating, mas mainam na matapos gamitin ang tubig sa ofuro o bathtub ay huwag munang itapon ito kaagad maliban na lamang sa susunod na araw na pagligo. Mag-apon rin tayo ng tubig sa mga poly tank at mga pet bottle. Maghanda rin tayo ng mga pansamantalang toilet.